# Mga Ahente ng Pagbabago

Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder
January 6, 2021

Nangangailangan ng Diyos ng mga "ahente," mga taong masigasig sa pagtupad ng mga Kristiyanong layunin. Hindi kayang baguhin ng Diyos ang sinuman dahil nirerespeto Niya ating kalayaang magpasya. Hindi madali ang magbago, ngunit hindi ito maiiwasan; ito'y sarili nating kagustuhan. Ikaw at ako ay maaaring maging ahente ng pagbabago sa mundong nangangailangan ng ganap na pagbabago.

**1. Gusto ng Diyos na mabago ang buhay natin.**

Pagod na ba tayo sa ganitong buhay? Kung ganito lagi ang ating ginagawa, hindi mababago ang ating buhay. Ano ang dapat nating gawin?

1.1 Ialay natin ang ating sarili bilang handog na buhay. Kalimutan natin ang ating sarili. Baguhin ang ating isip (Rom. 12).

- 1.1.1 Mamuhay nang may pagsamba sa Diyos (Mk 8:34). Ang buhay na makikita sa atin ay dapat buhay ni Jesus-Cristo (Gal.2:20).
- 1.1.2Sa lahat ng gagawin natin, isipin na ang lahat ay tungo sa kaluwalhatian ng Diyos: ang paraan ng ating pagsasalita at kung paano tayo nakikipag-ugnayan sa kapwa.

**1.2 Huwag umayon sa takbo ng mundo.**

- 1.2.1Mag-iba na tayo at magbago ng isip upang mabatid natin ang kalooban ng Diyos (Rom 12:2). Sa mundo natin ngayon, ang mga tao ay namumuhay taliwas sa mga aral ng Diyos; walang kabuluhan ang iniisip; nagumon sa kahalayan. Hindi ito ang natutuhan natin kay Jesus. Iwan na natin ang dating pamumuhay, magbago na tayo ng diwa, at makita sa atin ang bagong pagkatao na nilikhang kalarawan ng Diyos (Efeso 4:17-24).

**1.3 Sikaping maging kamukha si Jesus**

1.3.1Ang pagbabago ay mula sa loob palabas. Binabago ng Espiritu Santo ang matigas nating puso (Ez. 36:26; Jer. 7). Kailangang makipagtulungan tayo, at humingi ng kapatawaran at pagbabago, para maging ahente tayo ng pagbabago (Rom. 8:29).

**2. Paano nagagawa ang pagbabago?**

2.1 Gawing patnubay ang Espiritu. Ang Diyos ang nagbibigay ng pagnanasa at kakayahang maisagawa ang Kanyang kalooban(Gal.5:16;Fil.2:13

2.2). Isuko ang lahat sa Diyos. Kung inaaral natin ang Kanyang Salita, malalaman natin ang mga makalulugod sa Kanya.

2.3 Ang pananampalataya ay bunga ng pakikinig (Rom. 10:17).

**3. Ano ang hinihingi sa atin?**

3.1 Mamuhay tayo ayon sa Mabuting Balita, at hayaan Siyang mamahala sa atin (Fil.1: 27).

3.2 Bawasan ang ating pagsasaya. Ang mga kasiyahan ay paraan ng satanas.

3.3 Lumabas tayo sa ating maginhawang kinalalagyan.

3.4 Asahan na may mga pagsubok. Gagamitin ng Diyos ang mga ito para maturuan tayo, masubok ang ating pananalig, maitama tayo, mabigyan tayo ng katatagan (Rom. 8:28; 1Cor 10:13; Heb. 12:7-8).

**Konklusyon:**

Gusto ng Diyos na mabago tayo at mabigyan ng bagong puso (Col. 3). Si Jesus at ang pamayanan ang makatutulong para mahubog tayo sa Kristyanong buhay. Hanapin natin ang habag at awa ng Diyos. Tumugon tayo sa taos-pusong pagmamahal, hindi sa huwad. Hayaan natin ang Diyos na gamitin Niya tayong ilaw ng mundo.

**Pagninilay:** 1. Paano mo mababago ang mundo para tumugon sa tawag ng Diyos. 2. Nagiging matigas ba ulit ang iyong puso? Hahayaan mo bang baguhin ng Diyos ang iyong puso?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials

#Pagbabagongisip #ahentengpagbabago
#nabagongbuhay #kristyanongbuhay #bagongpuso